



# H E K A S I 5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)  
**Distance Education for Elementary Schools**  
**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



## **PANGKABUHAYAN SA PANAHOON NG ESPANYOL**



Department of Education  
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**  
2nd Floor Bonifacio Building  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City

## **Revised 2010**

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),  
DepEd - Division of Negros Occidental  
under the Strengthening the Implementation of Basic Education  
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.



## GRADE V

# PANGKABUHAYAN SA PANAHOON NG ESPANYOL



Nalaman mo ang naging hanapbuhay ng mga unang Pilipino. Ginagamit nila ang likas na yaman sa pang-araw-araw nilang pamumuhay.

Sa panahon ng Espanyol ipinakilala ang mga paraaan na makapagpapaunlad sa kabuhayan ng mga Pilipino. Pinagbuti ang sistema ng pagsasaka at pangangalakal.

Ang mga kalakal na panluwas ay nagkaroon ng pagkakataong maipagbili sa Mehiko at iba pang kolonya ng Espanya.

Nabuksan din ang Maynila sa kalakalang pandaigdig. Malaki ang naitulong ng pakikipagkalakalan sa pagpapaunlad ng kabuhayan. Lumaki ang kita ng pamahalaan at nakabuti ito sa kabuhayan ng bansa.

Sa modyul na ito matututuhan mo ang ginawa ng mga Espanyol sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng bansa.

Game ka na ba?





## PAGBALIK-ARALAN MO

Panuto: Itambal mo ang hanay A sa hanay B. Titik lamang ang isulat mo sa iyong notebook.

Hanay A

Hanay B

\_\_\_\_\_ 1. mangingisda

a. kagubatan

\_\_\_\_\_ 2. magsasaka

b. kabundukan

\_\_\_\_\_ 3. magmimina

c. kapatagan

\_\_\_\_\_ 4. magtrotroso

d. karagatan

\_\_\_\_\_ 5. mangangaso



## PAG-ARALAN MO

Tingnan mo ang Mapa ng Pilipinas sa kabilang pahina.


Gamitin mo ang iyong hintuturo at hanapin ang mga sumusunod na lalawigan. Unahin mo ang sa Luzon. Handa ka na ba?

Lalawigan ng Cagayan, Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, Tayabas, Batangas, Ilocos, Abra, Zambales at Marinduque.

Sa Visayas, ituro mo naman ang sumusunod na lalawigan ng Leyte, Samar, at Bohol.



Sabatanes group of Islands  
BIRARSA PROVINCE





Ngayon naman, Basahin mo:

Ang malalawak na lupain o kapatagan ay nasa lalawigan ng Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, Leyte, Samar at Bohol. Nasa mga lugar na ito ang pinakamahalagang sakahan sa bansa. Tinawag itong palabigasan ng bansa.

Sa Batangas naman ang pag-aalaga ng baka. Dito mainam mag-alaga ng baka, dahil sa magandang tubo ng damo.

Tinuruan ang mga Pilipinong gumawa ng bagong industriya tulad ng paggawa ng apog at laryo, magtibag ng bato, gumawa ng patubig, gumawa ng kandila, sabon at alak buhat sa katutubong halaman. Natuto rin ang mga Pilipino ng paglala ng banig at sombero, pagkuha ng dagta sa puno sa lalawigan ng Zambales, pangingsda at paggawa ng asin sa Pampanga at ang paggawa ng apog at laryo sa Cagayan, at paghahabi ng tela.

Upang higit na mapasigla ang pagsasaka sa Pilipinas, may tanim na trigo sa mga lambak at gayon din ng kakaw, niyog, buyo, paminta at bulak.

May kautusan ding mag-alaga ang bawat pamilya ng inahing manok at tandang.

Itinatag rin ang monopolyo sa tabako ni Jose Basco. Pagtatanim lamang ng tabako sa mga lalawigan ng Cagayan, Nueva Ecija, Ilocos, Marinduque, Abra at Isabela ang maaaring itanim.

Ang paraan ng pamamay-ari ng lupain ay nag-iba sa panahon ng Espanyol. Maraming mga pinunong Espanyol ang nagnais na magmay-ari ng lupang sakahan at sila ay nagkaroon sa pamamagitan ng pagbili, pagkamkam at pagtanggap ng mga donasyon. Ipinabungkal ito sa mga kasama ng mga magsasakang Pilipino. Maraming Pilipino ang nawalan ng lupain.


Ang kalakalang Galyon ay isa pang pamamaraang pangkabuhayan na nagpahirap sa mga Pilipino. Ngunit nagkaroon din ito ng mabuting epekto sa bansa, nakilala ang Pilipinas sa makasining sa paggawa ng barko at pinakamaraming tabakong inani kaysa alinmang bansa.

Ngayon alam mo na ang tungkol sa pagpapaunlad ng kabuhayan na isinagawa sa panahon ng Espanyol, ilagay mo ang mga ito sa concept web.





Pangkabuhayan sa Panahon ng Espanyol



**PAGSANAYAN MO**

Panuto: Piliin at isulat mo ang titik ng tamang sagot sa iyong notebook.

1. Aling lalawigan ang tinatawag na Palabigasan ng Pilipinas?
  - a. Cebu
  - b. Pampanga
  - c. Abra
  - d. Zamboanga
2. Aling lalawigan natutong gumawa ng apog at laryo ang mga Pilipino?
  - a. Ilocos
  - b. Cagayan
  - c. Batanes
  - d. Zamboanga
3. Sino ang nagtatag ng monopolyo sa tabako?
  - a. Jose Basco
  - b. Jose Raon
  - c. Hortado Corcuera
  - d. Miguel de Benavides



4. Alin sa mga sumusunod ang mabuting epekto ng monopolyo sa tabako?
  - a. pagkilala sa Pilipinas sa silangan
  - b. pagmumulta ng mga magsasaka
  - c. pagbaba ng produksyon na bigas
  - d. di-pagbabayad sa mga magsasaka sa pananim na binili ng pamahalaan
  
5. Alin ang hindi magandang epekto ng kalakalang Galyon?
  - a. nakilala ang Pilipino sa paggawa ng barko
  - b. pagkakaroon ng maraming ani ng tabako
  - c. nagpapahirap sa mga magsasaka
  - d. lumaki ang kita ng pamahalaan



### **TANDAAN MO**

- May mabuti at di mabuting epekto sa pamumuhay ng mga Pilipino ang iba't-ibang mga patakarang pangkabuhayan sa panahon ng Espanyol.
- Nagkaroon ng mabuti at di mabuting epekto ang kalakalang galyon sa pamumuhay ng mga tao.



### **ISAPUSO MO**

Malaking tulong sa mga Pilipino ang mga industriyang ipinakilala ng mga Espanyol.

Nagkaroon ng mga pabrika at pagawaan ng mga sabon, kandila at kendi sa kasalukuyan ng pag-aari ng mga Pilipino.

Ano ang nararapat mong gawin upang magtagal ang mga pagawaang ito na pag-aari ng kapwa mo Pilipino? Pangatwiran mo ang iyong sagot.







## GAWIN MO

Ngayong natutuhan mo na ang patakarang pangkabuhayan sa panahon ng Espanyol, alin ang higit mong pahahalagahan? Bakit?

Pumili ng isa sa mga sumusunod:

1. pagsasaka
2. paghahayupan
3. makabagong industriya
4. pakikipagkalakalan



## PAGTATAYA

Panuto: Punan mo ng tamang sagot ang bawat patlang.  
Isulat mo ang iyong sagot sa iyong notebook.

1. Ang \_\_\_\_\_ ang tawag sa mga lalawigan may malawak na sakahan.
2. Ang lalawigan ng \_\_\_\_\_ ay angkop sa pag-aalaga ng baka.
3. Ang \_\_\_\_\_ ay puno na makikita sa Zambales.
4. Ang paggawa ng \_\_\_\_\_ ay natutuhan sa lalawigan ng Pampanga.
5. Ang pag-aalaga ng \_\_\_\_\_ ay ipinag-utos sa bawat pamilya.
6. Si \_\_\_\_\_ ay nagtatag ng monopolyo sa tabako.
7. Ang sistemang \_\_\_\_\_ ang dahilan ng pagkawala ng lupain ng mga Pilipino.
8. Sa \_\_\_\_\_ ay nakilala ang Pilipinas sa paggawa ng barko.






9. Ang mga \_\_\_\_\_ Espanyol ang nagkamkam ng lupain ng mga Pilipino.
10. Ang pagtatanim lamang ng \_\_\_\_\_ ang dapat itanim sa lalawigan ng Ilocos.

### PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Basahin mo ang talaan ng mga industriya sa loob ng kahon.

Pumili ka ng 3 industriya na naiibigan mo. Ilarawan mo ito at isulat mo ang dahilan ng iyong pagkakapili.

pagawaan ng kendi  
pagawaan ng sabon  
pagawaan ng baldosa  
pagawaan ng asin  
pagawaan ng kandila



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.